# Maglaro Tayo!

## Mga Aktibidad para sa mga Pamilya



SET 2

Komunikasyon at Karunungang Magbasa at Magsulat







# Buod

*Ang Maglaro Tayo! Mga Aktibidad para sa mga Pamilya ay idinebelop ng* BC Ministry of Education para sa mga pamilya at caregivers upang suportahan ang early learning experiences ng mga bata sa pamamagitan ng paglalaro at pagkakaroon ng kasiyahan.

Ang bawat aktibidad na laro ay maiuugnay sa isa sa Living Inquiries na nakalarawan sa BC Early Learning Framework, tulad ng:

- Pakikipag-ugnayan sa Iba, sa mga Materyales, at sa Mundo
- Komunikasyon at Karunungang Magbasa at Magsulat
- Mga Identidad, Panlipunang Responsibilidad, at Diversity
- Ang Kapakanan at ang Pagiging Kabahagi


Layunin ng mga aktibidad na lumikha ng mga karanasan na naglalaan ng lubos na kasiyahan sa mga pamilya. Pinabubuti ng kasiyahang ito ang mainam na social at emotional development sa mga bata. Ang mga aktibidad ay maingat na pinili upang hikayatin ang pagpapahiwatig at pagpapalawak ng mga interes at mga ideya ng mga bata at upang magbigay ng mga bago at masiglang setting para makapag-explore ang mga bata. Ang "paano" na seksyon ay nagbibigay ng mga ideya kung paano maaring iakma ang bawat aktibidad sa mga batang may iba't-ibang mga kakayahan.


**Mga karagdagang tip:**




- Hikayatin ang iyong anak na simulan ang paglalaro, batay sa kanyang mga kagustuhan at/o mga tanong;
- Walang tama o maling paraan upang maglaro gamit ang mga aktibidad;
- Kapag nagtatanong sa iyong anak ng mga bukás na katanungan (may ibinibigay na mga halimbawa), bigyan siya ng sapat na panahon upang maproseso ang mga ito at upang siya'y makasagot;
- Gamit ang mga salita, ilarawan kung ano ang ginagawa ng iyong anak habang siya'y naglalaro; at,
- Kapag may kahirapan o problema, suportahan ang mga bata sa pamamagitan ng pagtulong sa kanila na lutasin ang mga problema. Halimbawa, sabihing "Oo, mahirap nga. Ano kaya ang iba nating magagawa?" Kapag inimbita ang mga bata na mag-isip sa ganitong paraan, mapapabuti ang kanilang skill development at madaragdagan ang kanilang kompiyansa sa sarili.


Masiyahan sa pagkukuwento sa iyong anak! Ang bawat aktibidad ay may isa o higit pang mga iminumungkahing libro na may kinalaman sa mga paksa ng aktibidad. Ang mga iminumungkahing libro ay kasalukuyang nasa ilang mga library, at ang mga ito'y iba't-ibang picture books at mga kuwento, mga libro ng impormasyon at board books. Kung hindi mo mahanap ang isang libro, magtanong sa mga tauhan sa library upang matulungan ka nila o upang makapagrekomenda sila ng ibang libro. Maaari mo ring tingnan kung may mga libro at mga kuwento na nakasulat sa wikang sinasalita ng iyong pamilya sa tahanan.

## Maglaro at magkasiyahan na tayo!





# Tibok ng Puso ng Mundo



## Ano

Sa aktibidad na ito ay nalilibang ang mga magulang at mga bata sa musika at kultura. Para sa maraming First Peoples sa Canada, ang drum ay tinatawag na "Tibok ng Puso ng Mundo"

Nagugustuhan ng mga bata ang ritmo, pagsayaw, o pagkilos sa musika. Ang aktibidad na ito ay nakakatulong sa kanilang magustuhan ang musika sa pamamagitan ng drumming. Wala silang pakialam kung hindi ka mahusay kumanta/musician; gusto lamang nila na kumanta at makipaglaro ka rin kasama nila.

### 1 Ihanda ang Kapaligiran

- Maglabas ng iba't-ibang bagay na iba't-iba ang kalakihan at materyales na gagawa ng iba't-ibang tunog kapag sila'y tinambol. Maghanap kayong dalawa ng mga natatanging bagay sa bahay na magagamit bilang drum. Habang kayo'y naghahanap, pag-usapan kung aling mga bagay ang maaaring mainam para sa pagtatambol at kung bakit.
- Maging curious tungkol sa kung ano ang kinokolekta ninyo. Tanungin kung ano ang mga tunog na magagawa nito at kung aling mga bagay ang tutunog nang maganda kapag pinagsabay.

### 2 Pagtambol

- Hikayatin ang iyong anak na magtambol sa mga bagay na nasa iyong bahay, tulad ng mga kaldero, mga mangkok o mga lalagyan, at mga kahoy o metal na kutsara.
- Hayaan ang iyong anak na gamitin ang iba't-ibang mga bagay, at tandaang mag-enjoy!
- Iparinig sa iyong anak ang iba't-ibang drumbeats—mabagal, mabilis, malakas, at mahina.

### 3 Pagkanta

- Maaari ninyong dalawa kantahin ang masayang First Peoples na awit na ito, at maaari kayong pumili ng kahit anong hayop, at masisiyahan kayong dalawa sa mga tunog na ginagawa ng mga hayop.

AWIT:

Mother Earth Has A Forest – Sa tono ng "Old McDonald Had a Farm."

*Mother Earth has a forest – Hey yah hey yah hey!*

*And in that forest, she has a Bear – Hey yah hey yah hey!*

*With a Grrr...grrr...here, and a grrr...grrr...there.*

*Here a grr...there a grrr...everywhere a grrr...grrr...*

*Mother Earth Has a Forest – Hey yah hey yah hey!*

Ulitin gamit ang ibang mga hayop sa gubat at mga tunog tulad ng:
Wolf (Awhooo), Ahas (Sssssss), Palaka (Ribbet), Robin (Tweet)



## Bakit

Sa larong ito, ang mga bata ay

- Magdidebelop ng skills sa komunikasyon at
- Magdidebelop ng motor strength at kontrol at hand-eye coordination
- Makapagpapahiwatig ng kanilang mga emosyon, makakapagkontrol sa kanilang sarili, makakapagbigay-diin, at makakapagtuon ng pansin sa iisang aktibidad
- Makakapagkomunika ng kanilang mga iniisip at mga karanasan sa malikhaing paraan gamit ang iba't-ibang mga anyo ng expression
- Makakapagdibelop ng iba't-ibang kakayahan sa wika, ritmo, at kakayahang makipagkomunika sa iba sa maraming paraan
- Makakapaglaro gamit ang tono at mga salita
- Mabibigyan ng pagkakataong malaman ang mga kuwento at mga simbolo ng kanilang sariling kultura at mga kultura ng iba

## Paano

Maghanap ng iba't-ibang mga materyales sa loob at labas na magagamit ng iyong anak bilang tambol upang makagawa siya ng musika. Magtambol kasama ng iyong anak. Gayahin ang iyong anak at hikayatin siyang gayahin ka. Subukan ang iba't-ibang mga lugar para sa pagtatambol. Ano ang tunog ng iyong mga instrumento sa loob o sa labas? Ano ang tunog nito sa banyo, kumpara sa mas malaking lugar?

Pumili ng kakantahin o nursery rhyme na sabay ninyong makakanta habang kayo ay nagtatambol, o magsalit-salit kayong magtambol at kumanta.

Ito'y masayang aktibidad dahil maaari itong gawin oras na kaya na ng iyong anak na umupo o humawak ng mga bagay at sadyang ikilos sila. Mahilig ang lahat ng mga bata na magtambol sa mga bagay!

Magbasa kayo ng libro tungkol sa pagtatambol o iba pang mga ideya na may kinalaman sa paksang ito. Ilang mga mungkahi:


- *Drum City*, isinulat ni Thea Gudione
- *The Drum Calls Softly,* isinulat ni Dave Bouchard

## Saan

Ang aktibidad na ito ay maaaring gawin sa loob at labas kahit kailan.

## Kailan

Ang pagtatambol ay maaaring ituro sa mga bata habang sila'y batang-bata pa. Maaari silang umupo nang mag-isa o kumandong sa iyo at hawakan ang isang bagay na itatambol. Ang pagtambol o pagkanta ay aktibidad din dahil nagbibigay ito ng katahimikan sa kanya at ito'y maaaring isang paraan upang turuan ang iyong anak na magpalit ng focus pagkatapos ng isang exciting na aktibidad o pagkatapos niya madismaya.



# Nagpapasalamat ako

## Ano

Ang aktibidad na ito ay nagbibigay sa mga bata ng pagkakataong ipakita ang kanilang pasasalamat sa iba.

### 1 Ihanda ang Kapaligiran

Bago matulog ang iyong anak, magkuwento sa kanila tungkol sa isang tao o bagay na minamahal mo, o isang napakagandang bagay na nangyari sa iyo noong araw na iyon.

### 2 Pagbahagi ng mga Nararanasan

Hilingin ang iyong anak na pag-isipan ang isang tao o bagay na mahal niya, o isang napakagandang bagay na nangyari sa kanya noong araw na iyon. Siguro'y nagpapasalamat siya dahil nag-enjoy siya, sa panahon na nakasama ang isang kamag-anak, o kumain siya na kasalo ang buong pamilya, o mayroon siyang bagong kaibigan.

Patnubayan ang iyong anak na huminga nang tatlong beses nang dahan-dahan, at na magpasalamat siya. Ito'y maghihikayat sa iyong anak na maging mindful at pag-isipan ang kanilang mga karanasan.

## Bakit

Sa larong ito, matututo ang mga bata na

- Pag-isipan ang kanilang sarili at kung ano ang kanilang pakiramdam
- Ikomunika nang malikhain ang kanilang mga iniisip at mga karanasan, gamit ang iba't-ibang anyo ng expression
- Maging curious o mausisa tungkol sa bokabularyo, mga konsepto, at nakasulat na wika
- Ipahayag ang kanilang mga pananaw at pag-isipan ang mga pananaw ng iba

## Paano

Subukan ang aktibidad na ito tulad ng nakalarawan. Maaari mong ipaalala sa iyong anak ang mga aktibidad sa araw na iyon o ibahagi sa kanya kung ano ang iyong napansin.

Tulungan ang iyong anak na isulat kung para saan sila nagpapasalamat. Hilingin ang iyong anak na mag-drawing ng larawang kumakatawan sa mga salitang magkasama ninyo isinulat.

Paggising sa umaga ay subukang pag-usapan muli kung para saan ka nagpapasalamat sa aktibidad na ito bilang paalala ng mga mabuting bagay sa iyong buhay.

Magbasa ng kuwento kasama ng iyong anak tungkol sa pagpapasalamat o iba pang mga ideya na may kinalaman sa aktibidad. Heto ang isang mungkahi:

- *Orca Chief*, isinulat ni Roy Henry Vickers & Robert Budd

## Saan

Ang aktibidad na ito ay maaaring gawin kahit saan.


## Kailan

Subukan ang aktibidad na ito bago matulog ang iyong anak.


**Reference**
Braun, M., & Stewart, W. (2017). *Mindful Kids: 50 Mindfulness Activities for Kindness, Focus and Calm.* [Activity Deck]. Cambridge, MA: Barefoot Books




# Mirror Fun



## Ano

Nakatutuwa ang mga salamin at tinutulungan nito ang iyong anak na mapansin ang mga mukha, mga expression ng mukha, mapansin ang kanilang mga sarili, at mga kilos ng iba. Anuman ang mga edad ng mga bata, natutuwa silang makita ang kanilang mga sarili sa salamin at makita kung paano sila nagbabago.

### 1 Ihanda ang Kapaligiran

- Gumamit ng anumang salamin. Hawakan ang iyong sanggol sa harap ng salamin sa hallway o ihiga sa sahig ang iyong anak sa kanyang tiyan sa harap ng malaking salamin, o kaya'y gumamit ng salamin na mahahawakan habang kinakandong ang iyong anak. Kung gumagamit ka ng malaking salamin, siguraduhing ito ay matatag at nakakabit nang maigi.

### 2 Mirror Fun!

- Umupo sa harap ng isang salamin kasama ng iyong anak at pag-usapan kung ano ang nakikita ninyo. Siguraduhing sabihin kung ano ang tawag sa mga emosyon at mga iba't-ibang expression ng mukha.
- Ang aktibidad na ito ay upang kayo ay makapag-usap at para mabanggit kung ano ang tawag sa mga pakiramdam o damdamin, gamit ang isang relax at positibong paraan. Maging flexible at magkatuwaan kayo! Hayaan ang iyong anak na magsimula.

## Bakit

Ang malaman kung ano ang mga emosyon at mga expression ng mukha ay mainam upang


- Makilala ng mga bata ang mga emosyon sa kanilang sarili at sa iba
- Makapagtatag sila ng malaking bokabularyo hinggil sa emosyon dahil ito'y makakatulong sa komunikasyon at pagkilala sa sarili
- Matutunan at malaman nila kung ano ang umaapekto sa kanilang mga emosyon at mga emosyon ng iba

## Paano

Ilagay ang iyong anak sa harap ng isang salamin at ipakita sa kanila ang kanilang reflection sa salamin. Magagawa mo ito sa pamamagitan ng pagtapik sa salamin o pagkilos sa salamin (kung ito'y salamin na mahahawakan). Tingnan ninyong dalawa ang salamin at sabihin kung ano ang iyong nakikita, gamit ang kanyang pangalan. Ilang mga halimbawa:

- "Ay tingnan mo si baby sa salamin! Ikaw 'yan, Enrique!"
- Habang itinuturo ang iba't-ibang mga bahagi ng katawan, sabihing "Ito ang iyong mga (asul/brown) na mata. Nakikita ko ang iyong ilong. Gustong-gusto ko ang iyong mga pink na pisngi. Ayan ang iyong bibig na nakangiti sa akin. Masaya si baby!"
- "Napaka-seryoso naman ang itsura mo. Alam mo ba kung sino 'yan sa salamin? Ikaw 'yan, Lucy!"
- Ikaway ang kamay ng sanggol, "Kinakaway ko ang iyong kamay. Hello!"





Pansinin kung ano ang tinitingnan ng iyong anak. Kung mayroon siyang tinitingnan, pag-usapan ito. Kung ang iyong anak ay nagsisimula pa lamang magsalita, hulaan kung ano ang tinitingnan niya at ulitin ang bawat salita. Kung hindi mo nauunawaan kung ano ang sinasabi ng iyong anak, hayaan siyang magsalita at pagkatapos ay sagutin siya para malaman niyang ganoon ang pakikipag-usap (kahit na hindi mo nauunawaan kung ano ang kanyang sinasabi).

Subukang iba-ibahin ang iyong mga expression ng mukha at hilingin ang sanggol na gayahin ka. Pag-usapan kung ano ang iyong ginagawa at banggitin kung anu-ano ang iba't-ibang mga emosyon na ipinapahiwatig ng iyong mukha. Hikayatin ang mga bata na gayahin ka o na gawin ang kanilang mga sariling expression sa mukha. Maaari kayong maghulaan nang salit-salit. Subukang magbanggit ng mga bagong mas komplikadong salita habang tumatanda ang iyong anak. Ilang mga halimbawa:

- "Tingnan mo ang aking malaking ngiti! Ano ang pakiramdam ko ngayon?"
- Ano ang iyong itsura kapag ikaw ay galit o hindi masaya? Kaya mo bang magmukhang galit? Tingnan mo ang aking mga kilay --- bumababa sila kapag hindi ako masaya. Kaya mo ba itong gawin?"
- "Natatandaan mo ba kaninang umaga nang pumasok ako sa kuwarto at mag-isa kang lumabas sa iyong crib? Gulat na gulat ako! Ganito ang itsura ko. May panahon ba dati kung kailan ka gulat na gulat?"

Siguraduhing bigyan ang iyong anak ng maraming panahon upang sagutin ang mga katanungan. Kadalasang kailangan ng mga maliliit na bata nang ilang mga segundo upang makinig sa isang tanong at pagkatapos sumagot. Tulad ng dati, hayaan ang iyong anak na mamuno.

Subukang magkuwento nang kaunti at hayaan ang iyong anak na umarte at ipakita ang mga emosyon sa harap ng isang salamin. Maaari mo ring kopyahin ang mga emosyon kung mas masaya ito. Bigyan ang iyong anak ng maraming panahon upang magpasiya kung ano ang emosyon na nararamdaman ng tao at gawin ang parehong expression sa mukha. Magbigay ng mga dialogue para dito o magbigay ng mga hint kung nahihirapan siya. Hikayatin ang iyong anak na magloko sa itsura o mag-drama kasama mo! Isang halimbawa

- "Noong unang panahon, may maliit na batang ang pangalan ay Little Red Riding Hood. Isang araw ay hiniling siya ng kanyang ama na magdala ng basket ng pagkain sa kanyang lola. Si Little Red Riding Hood ay naglalaro at ayaw niyang umalis. Maaari mo bang ipakita sa akin kung ano ang itsura ng nararamdaman ni Little Red Riding Hood? Ano ang kanyang pakiramdam? AYAW niyang iwanan ang kanyang laro. Ano ang itsura ng iyong mukha kapag may ipagagawa ako sa iyo habang ikaw ay naglalaro?"

Subukang gumamit ng props (halimbawa, sunglasses, scarves, hats, necklaces) upang baguhin ang iyong itsura. Magsalit-salit kayo sa pagsusuot ng iba't-ibang mga bagay.

Magbasa kayo ng iyong anak tungkol sa paglalaro gamit ang mga salamin o ibang mga ideya na may kinalaman sa paksang ito. Ilang mga mungkahi:

- *Do Your Ears Hang Low*? isinulat ni Jenny Cooper
- *I See Myself*, isinulat ni Vicki Cobb

## Saan

Ang aktibidad na ito ay maaaring gawin kahit saan basta may magagamit na salamin.

## Kailan

Ang larong ito ay maaaring gawin kahit kailan, pero pinakamainam gawin ito kapag ang iyong anak ay alerto, focused, at nasa mood na maglaro at mag- interact.

**Reference**

Herr, J., & Swim, T. (2003). *Rattle Time, Face to Face, and Many Other Activities for Infants: Birth to 6 Months. Clifton Park, NY: Thomson/Delmar Learning.*





# Musical Drawing

## Ano

Gagamitin sa larong ito ang pinagsamang senses ng pagtingin at tunog, at ito'y maaaring magdulot ng malaking kasiyahan para sa iyong anak kung mahilig siya sa musika at rhythm.

### 1 Ihanda ang Kapaligiran

- Pumili ng anumang uri ng musika na pinakikinggan ninyong dalawa ng iyong anak, o kaya na mahalaga sa iyong komunidad, tulad ng iba't-ibang uri ng drumming, sayaw, o iba pang mga uri ng instrumental music.
- Mag-tape ng malaking piraso ng easel paper sa sahig, o gumamit ng regular size na papel. Maglabas ng mga crayola, marker, chalk, o finger paint.

### 2 Musical Drawing

Patugtugin ang musika at hikayatin ang iyong anak na mag-drawing o magpinta sa easel paper, gamit ang drawing tools, alinsunod sa kung ano ang naririnig nila sa musika.

## Bakit

Sa larong ito, matututo ang mga bata na

- Bigyan-pansin ang mundo sa kanilang paligid, gamit ang kanilang katawan at senses
- Magtayo, lumikha, at magdisenyo gamit ang iba't-ibang mga materyales at techniques
- Aktibong magsiyasat, mag-isip, at mag-isip ng dahilan
- Maging malikhain at expressive sa iba't-ibang mga paraan
- Magpahayag ng kanilang sigla at kagustuhang matuto

## Paano

Hikayatin ang iyong anak na mag-drawing o magpinta batay sa musikang tinutugtog. Kung gumagamit ka ng pintura, subukang magdagdag ng ibang mga elemento tulad ng sabon o sparkles para makita nila ang iba't-ibang mga texture ng pinturang kanilang ginagamit.

Maaari mong tanungin kung ano ang pakiramdam nila nang tumugtog ang musika. Natuwa ba sila sa musika? Nalungkot ba sila sa musika? Naging kalmado ba sila dahil sa musika? Nasa drawing o painting ba nila ang mga damdamin na iyon?



Kapag tapos na ang musika, at tapos nang mag-drawing ang iyong anak, tanungin siya tungkol sa kanyang drawing:

- Ano ang ginawa mo?
- Anong mga kulay ang ginamit mo?
- Anong mga uri ng drawing tools ang ginamit mo?
- Ano ang paborito mong bahagi ng kanta? Nasaan ito sa iyong drawing?

Pagmasdan ang drawing ng iyong anak at pansinin ito nang husto. Halimbawa, maaaring mapansin mo na walang gaanong pintura o drawing ang isang bahagi, habang ang isa naman ay punô ng drawing. Tanungin sa iyong anak kung bakit ganoon ang drawing niya.

Magbasa ng kuwento kasama ng iyong anak tungkol sa music, drawing, o iba pang mga ideya na may kinalaman sa aktibidad. Heto ang isang mungkahi:

- *Sam & Eva*, isinulat ni Debbie Ridpath Ohi


Mainam din ang bumisita sa isang art gallery o museo na malapit sa inyo para makakuha ng inspirasyon: https://www.hellobc.com/things-to-do/museums-heritage-sites

## Saan


Ang aktibidad na ito ay maaaring maging makalat kung gagamit ng pintura. Subukang gawin ito sa loob o sa labas.

## Kailan

Ang aktibidad na ito ay maaaring gawin sa anumang oras.



# Scavenger Hunt Gamit ang Librong May mga Retrato



## Ano

Ito ay isang interactive na paraan upang matutunan ang pagbabasa at literacy kasabay ng pisikal na aktibidad. Gumamit ng mga librong may retrato para sa isang scavenger hunt.

### 1 Ihanda ang Kapaligiran

- Pumili ng paboritong librong may mga retrato (mainam ang librong may mga tao at may mga pamilyar na lugar). Pagkatapos mo ito basahin nang isang beses, tanungin ang iyong anak kung gusto niyang subukang maghanap ng mga bagay sa libro!

### 2 Maglaro ng Scavenger Hunt!

- Kasama ng iyong anak ay banggitin ang mga bagay na nakikita mo sa libro at na hahanapin ninyo (halimbawa, aso, mesa, kotse, punò). Pagkatapos ay dalhin sa labas o sa isang bagong kuwarto ang iyong libro at subukang hanapin ang mga bagay mula sa paligid na tumutugma sa mga bagay na nasa libro.

## Bakit


Sa pamamagitan ng larong ito, matututunan ng mga bata ang sumusunod

- Makakapag-isip sila ng koneksyon ng kanilang binabasa at ng tunay na mundo
- Makakapagdibelop sila ng receptive (naririnig/nababasa) at expressive (sinasabi/ginagamitan ng sign) na wika
- Mapapansin nila ang naka-print na wika sa iba't-ibang mga setting
- Mauunawaan nila ang mga koneksyon ng mga ideya at ng mga bagay
- Matututunan nilang mapansin ang naka-print na wika
- Huhusay ang kanilang skills sa komunikasyon at literacy

## Paano

Mainam ang magsimula sa loob ng iyong tahanan gamit ang mga laruan o mga bagay na pamilyar sa iyong anak. Pumili ng isang board book na may isang bagay sa bawat pahina at pagkatapos ay magkasama ninyong hanapin ang bagay. Ilapit ang bagay sa retrato at banggitin nang dalawang beses kung ano ito. Halimbawa, kung nagbabasa kayo ng libro tungkol sa mga laruan ng mga bata at nakakita kayo ng teddy bear, magsama kayong maghanap ng teddy bear at sabihing "bear" habang itinuturo ang retrato, at "bear" habang itinuturo ang bagay.

Subukang maghanap ng ibang mga bagay bukod pa sa mga simpleng bagay sa pamamagitan ng paghanap ng **mga uri** o **mga kategoriya** ng mga bagay. Halimbawa, kung nakakita ka ng mansanas sa libro, magpahanap sa iyong anak sa tindahan ng ibang prutas, o ibang pagkaing mainam sa kalusugan. Maaari ka ring maghanap ng mga kulay o mga hugis batay sa mga image na nakikita mo. Kung nakakita ka ng mga kwadrado sa libro, tanungin sa iyong anak kung makakahanap din siya ng isang kwadrado. Subukan ding maghanap ng mga numero o mga letra.



Mainam din ang kolektahin ang mga bagay na mahahanap sa libro at ang ilagay ang mga ito sa isang bag bago kayo maglaro. Sabihin sa iyong anak na isara ang kanyang mga mata, ilagay ang kanyang kamay sa loob ng bag, at kumuha ng isang bagay. Pagkatapos ay subukang hanapin ang bagay na ito sa libro!

Para sa mga batang nagsisimulang magbasa ay maaari mo silang hilingin na hanapin sa tunay na mundo ang mga bagay na mahahanap sa libro. Mainam din ang maghanap ng **mga konsepto** o **mga kalidad**. Kung may bagay sa libro na nasa itaas, subukang maghanap ng bagay na nasa itaas din. Kung ang isang tao sa libro ay basâ, hilingin silang maghanap ng ibang bagay na basâ rin. Upang gawin itong mas kawili-wili ay subukang hanapin ang mga kabaligtaran nito.

Kung masyadong mahirap ang aktibidad at naguguluhan ang iyong anak, subukan ang ibang libro at kolektahin ang mga bagay bago kayo maglaro. Itago ang mga bagay sa iba't-ibang lugar sa tahanan. Unahan kayong hanapin ang mga ito!

Siguro'y mapapansin mong OK na ang aktibidad na ito; kung hindi ay makapagbibigay ka ng gantimpala para sa takdang bilang ng mahahanap na mga bagay.

Magbasa kayo ng libro tungkol sa paghanap o pagtugma ng mga bagay, o ibang mga ideya na may kaugnayan sa paksang ito. Ilang mga mungkahi:

- *Cycle City*, isinulat ni Alison Farrell
- *Saan's the Pair*? isinulat ni Britta Teckuntrup

Maghanap sa BC public libraries ng ibang mga libro at marami pang iba!
https://www2.gov.bc.ca/gov/content/sports-culture/arts-culture/public-libraries

## Saan

Ang aktibidad na ito ay magagawa sa anumang lugar. Magagawa ninyo ang aktibidad na ito sa tahanan o kapag kayo'y nasa labas, o habang kayo'y naglalakad at tumitingin-tingin sa mga bagay. Kapag ginawa ninyo ang aktibidad na ito sa labas at naghanap kayo ng mga bagay sa labas ay madidibelop mo hindi lamang ang literacy ng iyong anak ngunit kasabay din kayong magkakaroon ng pisikal na aktibidad.

## Kailan


Ang aktibidad na ito ay magagawa kahit kailan. Lubos na mainam ito para sa iisang bata, o maliit na grupo ng mga bata, pero maaari rin ito gawin kapag may mas malaking grupo.

**Reference**

Lawhon, T., Cobb, J.B. (2002). Routines that Build Emergent Literacy Skills in Infants, Toddlers, at Preschoolers. *Childhood Education Journal*, 30(2), 113-118.



# Story Stones
# (Mga Batong Nagkukuwento)



## Ano

Ang aktibidad na ito ay nagmula sa isang tradisyon ng Aboriginal peoples ng Australia. Ang Story Stones ay mga pininturahang bato na itinatago sa maliit na pouch at ginagamit bilang isang tool para sa pagkukuwento.

Mahalagang panatilihing simple ang aktibidad na ito. Magpinta o mag-drawing sa maliliit na bato ng iba't-ibang simpleng images na tumutugma sa mga iba't-ibang hilig ng bata. Kapag tuyo na ang mga ito, ilagay sila sa isang pouch.

Imbitahin ang bata na tingnan ang mga bato at gumawa ng kanilang mga sariling kuwento gamit ang mga bato.

## Bakit

Sa larong ito, matututo ang mga bata na

- Sabihin ang kanilang mga iniisip at malikhaing gamitin ang iba't-ibang mga anyo ng pagpapahayag
- Pakinggan ang kanilang sariling mga kuwento at simbolo at mga kuwento at simbolo ng ibang mga kultura
- Ipahayag ang kanilang mga pananaw
- Maunawaan ang abstract at critical thinking, creativity, at pag-imbento
- Maging independent at magkaroon ng kompiyansa na lumikha ng sarili nilang mga kuwento
- Pahusayin ang kanilang komunikasyon at literacy skills

## Paano


Magpinta ng mga simpleng bagay sa mga bato tulad ng bahay, aso, pusa, punò, sasakyan, mga bundok, alon, at mga tao (maaari ring mga maliliit na caricature ng mga kapamilya). Para sa ilang mga bata, ito'y mas magiging isang explorative o sight-word (titingnan nila ang bato at iisipin nila ang tumutugmang salita) na aktibidad. Hikayatin ang iyong anak na ilang beses ninyong dalawa sabihin ang pangalan ng image.


Hikayatin ang bata na pag-aralan ang mga bato. Ang ilang mga bata ay awtomatikong lilikha ng kuwento o storyline, habang ang iba naman ay mangangailangan ng kaunting tulong. Maaari mong suportahan ang development ng mga bata kapag hinayaan mo silang ipaliwanag ang simbolismo ng mga bato at tanungin sila kung sino ang mga tao o kung ano ang kinakatawan ng images. Ang ilang mga halimbawa ng mga tanong ay "Saan sila nakatira?" o "Ano ang kanilang ginagawa?"; matutulungan sila ng mga ganitong tanong na magdibelop ng storyline.

Maaaring pintahan ng iyong anak ang kanyang sariling mga bato. Pahihintulutan siya nito na sabihing ginawa niya ang buong aktibidad; i-highlight at hikayatin ang kanyang mga sariling ideya at creative thinking. At subukang hikayatin ang iyong anak na magdibelop ng storyline.

Magbasa ng isang kuwento kasama ng iyong anak tungkol sa creativity o iba pang mga ideya na may kinalaman sa aktibidad. Heto ang isang mungkahi:

- *Zen Shorts*, isinulat ni Jon J Muth






## Saan

Ang larong ito ay maaaring gawin kahit saan, pero mas mainam kung gagawin ito sa lugar na sapat para maikalat ng bata ang mga bato upang likhain ang kanyang kuwento.

## Kailan

Ang aktibidad na ito ay maaaring gawin kahit anong oras, at magagawa ito nang indibidwal o sa mga maliliit na grupo.



# Talking Stick (Nagsasalitang Patpat)



## Ano

Ang Talking Stick (Nagsasalitang Patpat) na aktibidad ay kinuha mula sa tradisyon ng mga indigenous na mga tao sa North America. Ang talking sticks ay karaniwang ginagamit kapag nagtuturo sa mga bata, nagpapayo sa isang meeting, gumagawa ng mga desisyon tungkol sa mga pagtutunggali, mga powwow na pagtitipon, mga storytelling circle, o kapag may mga pagdiriwang kung saan may mahigit pa sa isang tao ang nagsasalita. Ang Talking Stick ay ipinapasa mula isang tao papunta sa iba habang sila'y nagsasalita, at ang taong may hawak ng pagpat ang siya lamang makapagsasalita sa panahong iyon. Ang kontribusyon ng bawat miyembro ng circle ay itinuturing na isang banal na pananaw.

Tinuturuan ng Talking Stick ang mga bata tungkol sa mga batayan ng komunikasyon na may paggalang, may pasensiya, at may kolaborasyon. Hinihikayat nito ang mga bata na matuto ng skills tulad ng pagbigay ng panahon sa bawat isa, paghintay, at paglutas ng problema sa isang kalmado at ligtas na kapaligiran.

### 1 Ihanda ang Kapaligiran

Maaaring may iba't-ibang mga paraan para ituro ang Talking Stick. Maaaring gawin ito sa iyong sasakyan, habang kumakain, habang nagkukuwentuhan, o maaari itong magsimula bilang isang collaborative art project. Subukang ituro ang aktibidad na ito kapag naglalakad kayo ng iyong anak sa kalikasan, o kung kayo'y may 'di-pagkakasundo at kailangan ninyo ng tool o paraan upang makatulong sa paglutas ng 'di-pagkakasundo. Maaari mo rin ito subukan kapag napakaraming tao ang nagsasalita nang sabay-sabay at gusto mong siguraduhin na ang bawat isa ay magkaroon ng pagkakataong makapagsalita.

Anuman ang plano mo upang ibahagi ang mga prinsipyo ng aktibidad na ito, mahalagang magtatag ng mga **saligang patakaran** sa paggamit ng Talking Stick sa isang sharing circle:

1. Sa isang sharing circle, ang bawat isa ay magkakaroon ng pagkakataong magsalita, kaya hikayatin ang lahat na pansinin ang panahon na ginugugol nila upang ibahagi ang kanilang mga iniisip.
2. Ang sinomang may hawak ng Talking Stick ay may "banal na pananaw." Ang taong ito ang nagtatakda kung sila'y tapos nang magsalita at maaari nilang ipasa ang patpat sa isang taong hindi pa nakapagsasalita.
3. Ang paraan ng pagbahagi ng isang tao sa kanyang iniisip o insights ay dapat respetuhin ng lahat ng nasa talking circle sa pamamagitan ng pakikinig sa kanila at hindi pagpuna hangga't hindi pa natatapos ang tao na magsalita.

## Bakit

Sa aktibidad na ito, ang mga bata ay matututo na

- Maging creative o malikhain
- Magkaroon ng kompiyansa sa sarili at magpahiwatig ng kanilang iniisip
- Magkomunika, gamit ang interpersonal skills at diplomacy
- Magtaguyod sa mabuting coping strategies at problem-solving skills
- Magkomunika nang malikhain sa kanilang mga iniisip at mga karanasan, gamit ang maraming iba't-ibang anyo ng expression
- Magdibelop ng iba't-ibang mga kakayahan sa wika at ng kapasidad na makipagkomunika sa iba sa iba't-ibang mga paraan
- Malaman ang kanilang sariling mga kuwento at simbolo, at mga kuwento at simbolo ng ibang mga kultura
- Ipahayag ang kanilang mga sariling pananaw at pag-isipan ang mga pananaw ng iba

## Paano

Maaaring kailangan ng mga bata ng panahon upang maunawaan nang husto ang konsepto ng Talking Stick. Upang ituro sa kanila ang aktibidad, subukang hikayatin ang iyong anak na lagyan ng dekorasyon ang isang driftwood gamit ang iba't-ibang mga bagay tulad ng pintura, glitter, recyclable items, at balahibo. Habang ginagawa nila ang mga ito, mahalagang kausapin ang mga bata tungkol sa kung paano nila gagamitin ang patpat at kung paano ito tradisyunal na giangamit.

Subukang magkuwento o magbasa ng libro tungkol sa isang Talking Stick (tulad ng *The Talking Stick*, isinulat ni Dot Meharry). Ang pagkuwento at pagkakaroon pagkatapos ng isang talakayan tungkol sa kahalagahan ng isang Talking Stick ay nakakatulong na magtatag ng tunay na pag-unawa sa mga batayan ng komunikasyon.

May tradisyon na ang isang **Answering Feather** (Pansagot na Balahibo) ay maaaring hawakan ng isang taong sasagot sa isang tanong. May itatanong at pagkatapos ay ipapasa ang balahibo sa taong sasagot. Makakatulong ito sa pagtaguyod ng diplomacy at negotiation skills.

## Saan

Ang aktibidad na ito ay maaaring gawin kahit saan, pero mas mainam kung gagawin ito sa isang tahimik na lugar kung saan kakaunti ang istorbo. Kung ginagawa ang aktibidad kasama ng isang grupo ng mga bata, gumamit ng lugar kung saan maaaring umupo sa isang circle ang mga bata.


## Kailan

Ang aktibidad na ito ay maaaring gawin kahit anong oras pero pinakamainam itong gawin sa mga maliliit na grupo, o kasama ng buong pamilya.

**References**

*Native American Legends – Traditional Talking Stick.*
Kinuha mula sa https://www.firstpeople.us/FP-Html-Legends/TraditionalTalkingStick-Unknown.html

Meharry, D. (2006). *The Talking Stick.* New Zealand: Raupo Publishing Ltd.



# Mga Triyanggulo, Mga Kwadrado, at mga Bilog

## Ano

Ang mga hugis, patterns, at mga pagkakasunud-sunod ay maaaring makaaliw para sa mga bata na mahilig sa mga takdang kaalaman at rutina. Ang aktibidad na ito ay maaaring laruin sa iba't-ibang mga paraan, depende sa kanilang nagugustuhan.

### 1 Ihanda ang Kapaligiran

- Maggupit ng iba't-ibang mga hugis mula sa isang pirasong papel, tulad ng mga malalaking kwadrado, triyanggulo, bilog, o rektanggulo. Maaari kang tulungan ng iyong anak sa paggupit o pagguhit ng mga hugis, o maaari siyang magbigay ng mga ideya ukol sa anu-anong mga hugis na nais niyang makita.

### 2 Paglaruan ang mga Hugis!

- Ilagay ang mga hugis sa harap ng iyong anak. Obserbahan ang interaksyon ng iyong anak sa iba't-ibang mga hugis o tingnan ang mga pattern na ginagawa niya.
- Kung mukhang hindi siya interesado, subukan ang aktibidad sa ibang panahon kapag nagsasalita siya tungkol sa mga hugis o pattern. Maaari mo ring subukang magdagdag ng stickers o mga mukha sa mga hugis (halimbawa, isang masayang triyanggulo o malungkot na kwadrado).

## Bakit

Sa larong ito, ang mga bata ay matututong

- Magtayo, lumikha, at magdisenyo ng iba't-ibang mga materyales at techniques
- Maging mausisa hinggil sa bokabularyo, mga konsepto, at sinasalitang wika
- Maglaro nang ginagamit ang tunog at mga salita
- Gumamit ng mga numero, pagsukat, at anyo sa mga makabuluhang paraan

## Paano

Kasama ng iyong anak, banggitin ang iba't-ibang mga hugis na nakikita mo. Halimbawa, ituro ang isang kwadrado, bilog, o rektanggulo. Sabay ninyong dalawa sabihin ang mga salita.

Subukang magbilang nang pasalita kasama ng iyong anak; banggitin ang iba't-ibang bilang ng mga hugis (halimbawa, bilangin kung ilan ang mga kwadrado, bilog, o mga triyanggulo).

Maghulaan: "Mayroon akong apat na panig at apat na sulok. Ano ang aking pangalan?" Subukang gumawa ng mga katawa-tawang pangalan para sa mga hugis tulad ng "Batibot na Bilog" o "Rektanggulong Rebusado."

Hikayatin ang iyong anak na gumawa ng iba't-ibang mga pattern gamit ang mga hugis. Halimbawa, gumawa ng pattern gamit ang kwadrado at triyanggulo (kwadrado, triyanggulo, kwadrado, triyanggulo) at pagkatapos ay tanungin sa iyong anak kung anong hugis ang susunod at kung bakit. Tandaan na walang maling sagot! Hikayatin ang iyong anak na gumawa ng kanyang sariling pattern.

Hikayatin ang iyong anak na gumawa ng isang bagay gamit ang mga hugis. Halimbawa, maaari siyang gumawa ng hayop gamit ang iba't-ibang mga hugis, isang landscape, isang tao, o anumang gusto niya, gamit ang kanyang imahinasyon!

Kung ang anak mo ay mahilig magkulay o magdisenyo, hikayatin siyang kulayan ang iba't-ibang mga ginupit na hugis, o gumawa ng mga disenyo gamit ang iba't-ibang mga pangkulay na materyales.

Kung maglalaro kayo sa labas ay maaaring mahipan ng hangin ang iyong pattern. Ito'y maaaring katawa-tawa pero maaari ring nakakainis. Sa halip ay maaari kang gumamit ng mga natural na materyales para sa mga hugis (mga bato, mga patpat, mga dahon).

Magbasa kayo ng libro tungkol sa mga hugis o iba pang mga ideya na may kinalaman sa paksang ito. Ilang mga mungkahi:

- *Circle, Square, Moose*, isinulat ni Kelly L. Bingham
- *Shapes,* isinulat ni DK Braille

## Saan

Maaari mo ito laruin kahit saan pero pinakaminam kung gagawin ito sa patag na ibabaw tulad ng isang mesa, sahig, o sa lupa.

## Kailan

Ang larong ito ay maaaring gawin kahit kailan.

